



Public Health
England

NHS

Pagbibigay ng proteksyon sa iyong anak laban sa trangkaso

Pagpapabakuna laban sa trangkaso sa England

Impormasyon para sa mga
magulang at tagapag-alaga



**HELP US
HELP YOU**
PROTECT AGAINST FLU

Flu **i**mmunisation

Helping to protect children,
every winter

5 dahilan

para pabakunahan ang anak mo

1. Protektahan ang iyong anak

Makakatulong ang bakuna na protektahan ang iyong anak laban sa trangkaso at malubhang mga kumplikasyon tulad ng bronchitis at pulmonya

2. Protektahan ang iyong sarili, ang iyong pamilya at ang iyong mga kaibigan

Ang pagpapabakuna sa iyong anak ay makakatulong na protektahan ang mas mahihingang mga kaibigan at pamilya

3. Walang kakailanganing pagtuturok

Madaling makuha ang spray sa ilong at hindi ito masakit

4. Mas maigi ito kaysa magkatrangkaso

Tumutulong laban sa trangkaso ang spray sa ilong at ito ay ibinigay sa milyon-milyong bata sa buong mundo bukod sa may mahusay na rekord pagdating sa kaligtasan

5. Iwasan ang mga gastos

Kung magkatrangkaso ang anak mo, maaaring kailanganing hindi ka muna pumasok sa trabaho o mag-ayos ng alternatibong pangangalaga ng bata



Ang bakuna sa trangkaso ay inaalok nang libre bawat taon para sa:

- mga batang dalawa o tatlong taong gulang (sa ika-31 ng Agosto ng kasalukuyang panahon ng trangkaso)
- lahat ng mga bata na nasa edad ng pag-aaral sa mababang paaralan
- lahat ng mga bata na nasa edad ng pag-aaral sa ika-7 taon sa sekundaryong paaralan

at:

- ang mga batang may kalagayan sa kalusugan na naglalagay sa kanila sa mas malaking panganib mula sa trangkaso
- mga batang nakatira kasama ang isang taong nasa NHS Shielded Patient List

Ang higit pang impormasyon kung sino ang mga karapat-dapat na mga bata bawat taon ay mahahanap sa:

www.nhs.uk/child-flu

Bakit kailangang magpabakuna laban sa trangkaso ang aking anak?

Ang trangkaso ay maaaring maging isang hindi kasiyasiyang sakit sa mga bata na nagdudulot ng lagnat, pagbara ng ilong, tuyong ubo, namamagang lalamunan, sakit ng kalamnan at kasu-kasuan, at matinding pagod. Ito ay maaaring tumagal nang ilang araw o higit pa.

Maaaring magkaroon ang ilang bata ng napakataas na lagnat, kung minsan wala ng karaniwang mga sintomas ng trangkaso, at maaaring kailanganin na magpunta sa ospital para magamot. Kasama sa malubhang kumplikasyon ng trangkaso ang masakit na impeksyon sa tainga, malalang bronchitis, at pulmonya.

Ano ang mga benepisyong ng bakuna?

Ang pagkakaroon ng bakuna ay makakatulong na maprotektahan ang iyong anak mula sa isang maaaring maging napakasamang sakit sa mga bata. Ang mga batang wala pang limang taong gulang ay may pinakamataas na bilang ng pagpasok ng ospital dahil sa trangkaso.

Mababawasan nito ang pagkakataon na ang ibang tao sa pamilya niyo, na maaaring nasa mas malaking peligro mula sa trangkaso, tulad ng mga lolo at lola o iyong mga may pangmatagalang kondisyong pangkalusugan, na mahawa ng trangkaso mula sa anak niyo.

Ngayong taon, ang pagtulong upang maprotektahan ang mga ito laban sa trangkaso ay partikular na mahalaga kung ang COVID-19 ay umiikot pa rin dahil ang mga tao na may panganib mula sa trangkaso ay mahina rin sa mga komplikasyon ng COVID-19.

Makakatulong ito sa iyo na maiwasan ang pangangailangang hindi muna pumasok sa trabaho o iba pang mga aktibidad dahil ikaw ay may sakit o kailangang alagaan ang iyong anak na may sakit.

Gaano kabisa ang bakuna?

Ang bakuna sa trangkaso ay ang pinakamahusay na proteksyon na mayroon tayo laban sa hindi mahuhulaan na virus na ito. Ang pagiging epektibo ng bakuna ay magkakaiba-iba kada taon, depende sa tugma sa pagitan ng strain ng trangkaso na umiikot at yung nilalaman ng bakuna. Sa UK, ang bakuna na inaalok sa mga bata ay karaniwang nagbibigay ng mahusay na proteksyon laban sa trangkaso mula sa unang paggamit nito.

Bakit maraming mga bata ang inaalok ng bakuna?

Bukod sa pagtulong upang maprotektahan ang mga bata na nabakunahan, ang impeksyon ay hindi gaanong kakalat pagkatapos nito, at sa gayon ito ay tumutulong upang maprotektahan ang ibang mga miyembro ng pamilya at kaibigan.

Bakit inaalok ng bakuna laban sa trangkaso ngayong taon ang mga bata na nakatira kasama ng mga nasa NHS Shielded Patient List?


Nais naming hindi magkasakit ang mga pinakamahina sa COVID-19 ngayong taglamig at hindi namin nais na sila ay magkatrangkaso. Upang mabawasan ang pagkakataon ng isang tao na mayroong isang umiiral na kondisyon sa kalusugan na mahawa ng trangkaso mula sa mga miyembro ng kanilang sambahayan, aalukin namin sila ng bakuna laban sa trangkaso. Kasama dito ang mga bata.

Kung ang iyong anak ay nakatira kasama ang isang tao na nasa NHS Shielded Patient List, o inaasahan mong ang iyong anak ay makakasama sila sa tirahan sa karamihan ng mga araw sa taglamig, na hindi maiiwasan ang malapit na pakikisalamuha, kung gayon, dapat silang magpabakuna. Kung hindi sila kabilang sa grupong inaalok sa paaralan, dapat mong tanungin ang iyong GP surgery.

Kung ang miyembro ng sambahayan ay isang taong may labis na mahinang immune system, ang GP practice ay maaaring mag-alok ng iniksiyon kaysa sa spray sa ilong.

Nagpabakuna ang anak ko laban sa trangkaso noong nakaraang taon. Kailangan ba nila ulit ng isa pa ngayong taon?

Oo; ang mga virus ng trangkaso ay nagbabago bawat taon kaya maaaring i-update ang bakuna. Para sa kadahilanang ito, inirerekumenda namin na ang iyong anak ay mabakunahan laban sa trangkaso ngayong taon, kahit na nabakunahan na nitong nakaraang taon.



Sino ang magbibigay sa anak ko ng bakuna nila?

Ang mga batang nasa edad na dalawa at tatlong taong gulang ay bibigyan ng bakuna sa kanilang general practice, kadalasang ibinibigay ng practice nurse*.

Halos lahat ng mga batang nasa edad ng pag-aaral ay inaalok ng pagbabakuna sa paaralan.

Ang mga batang nag-aaral sa bahay ay bibigyan ng bakuna, kung sila ay kabilang sa karapat-dapat na grupo ng edad. Ang mga magulang ay maaaring makakuha ng impormasyon tungkol sa mga pagsasaayos mula sa kanilang lokal na team ng NHS England Public Health Commission. Makikita ang mga detalye sa: www.england.nhs.uk/about/regional-area-teams.

Paano ibibigay ang bakuna?

Sa karamihan ng mga bata, binibigay ito bilang spray sa ilong.

Magdudulot ba ng trangkaso ang bakuna?

Hindi, ang bakuna ay hindi maaaring magdulot ng trangkaso dahil ang mga virus na nilalaman nito ay pinahina upang maiwasan ito na mangyari.

Paano gumagana ang spray sa ilong?

Ang spray sa ilong ay naglalaman ng mga virus na pinahina para mapigilan silang magdulot ng trangkaso pero makakatulong sa anak mong lumakas ang immunity. Kapag ang iyong anak ay nagkaroon ng kontak sa mga virus na ito sa trangkaso, nakakatulong ito sa immune system upang labanan ang impeksyon. Ang bakuna ay mabilis na pumapasok sa ilong kaya, kahit na ang iyong anak ay bumahing kaagad pagkatapos na i-sprayan, hindi kailangang mag-alala na hindi ito tumalab.



May mga side-effect ba ang bakuna?

Ang mga bata ay maaaring magkaroon ng tumutulo o baradong ilong, masakit na ulo, pangkalahatang kapaguran at kaunting pagkawala ng ganang kumain. Subalit, ang mga ito ay hindi kasing lala ng pagkakaroon ng trangkaso o mga kumplikasyong kaugnay ng trangkaso. Hindi karaniwan ang pagkakaroon ng mga malubhang side-effect.

Paano naman ang anak kong may kondisyong pangkalusugan?

Ang mga batang may mga partikular na pangkalusugan kondisyon, kahit na mabuting napamamahalaan, ay nasa mas mataas na peligro ng mga malalang kumplikasyon kapag nagkatrangkaso sila. Lalo nang mahalaga na ang mga batang ito ay mabakunahan.

Kabilang sa mga kondisyong ito ang:

- mga malubhang problema sa paghinga, halimbawa, malubhang hika na nangangailangan ng regular na inhaled o oral steroid
- mga malubhang kondisyon sa puso
- malubhang sakit sa bato o atay
- diyabetes
- isang kapansanan sa pagkatuto
- immunosuppression dahil sa sakit o paggamot, halimbawa, chemotherapy o radiotherapy na paggamot para sa kanser o pang-matagalang paggamit ng steroid
- ang mga problema sa spleen, dahil ang spleen ay tinanggal (asplenia) o hindi gumagana nang maayos, halimbawa, dahil sa sickle cell o celiac disease
- maaari ring irekumenda ng iyong GP na mabakunahan ang iyong anak kung mayroon silang kondisyon na nakakaapekto sa nervous system tulad ng cerebral palsy.

* Magiging nararapat ang anak mo sa kondisyon na sila ay nasa edad na dalawa o tatlong taong gulang sa ika-31 ng Agosto ng kasalukuyang panahon ng trangkaso

Ang mga batang ito ay dapat mabakunahan laban sa trangkaso bawat taon mula sa edad na anim na buwan pataas. Karamihan ay gagamitan ng bakuna na spray sa ilong ngunit hindi ito dapat ibigay sa mga batang wala pang dalawang taong gulang.

Ang mga batang ito, at para sa kanino man na hindi angkop ang spray sa ilong sa mga kadahilangang medikal, ay bibigyan ng isang iniiniksyon na bakuna laban sa trangkaso.

Kung ang iyong anak ay may anumang kondisyon sa kalusugan na nakalista sa pahina 7 ngunit hindi inaalok ang bakuna sa paaralan, mahalaga na kontakin mo ang iyong GP surgery upang magsagawa ng isang appointment.

Kung hindi ka sigurado kung ang iyong anak ay nangangailangan ng pagbabakuna laban sa trangkaso o kailangan mo ng karagdagang payo, makipag-usap sa iyong practice nurse, GP o bisita sa kalusugan.

Kailan ibibigay ang bakuna?

Para sa mga dalawa at tatlong taong gulang, dapat kang makatanggap ng isang imbitasyon para sa iyong anak na mabigyan nito sa kanilang GP surgery bago ang taglamig. Kung hindi ka pa nakakarinig mula sa kanilang GP sa unang bahagi ng Nobyembre, direkta silang kontakin para makipag-appointment.

Para sa mga bata na nasa edad ng pag-aaral sa mababang paaralan at iyong mga nasa ika-7 taon sa sekundaryang paaralan, isang sesyon ng pagbabakuna ay gaganapin sa paaralan sa panahon ng taglagas. Kokontakin ka ng iyong lokal na team para sa pangangalagang pangkalusugan sa pamamagitan ng paaralan.

Kung ang iyong anak ay nasa isang karapat-dapat na grupo na inalok ng bakuna sa paaralan at may kondisyon sa kalusugan na naglalagay sa kanila sa mas mataas na panganib mula sa trangkaso (tingnan ang pahina 7), maaari mong hilingin sa GP surgery ng iyong anak na magbigay ng bakuna kung hindi mo nais na maghintay hanggang sa sesyon ng pagbabakuna sa paaralan o kung ito ang gusto mo.

May sinuman bang bata ang hindi dapat mabigyan ng bakuna na spray sa ilong?

Dahil maaaring mas mahina laban sa mga komplikasyon ng trangkaso ang mga bata na may umiiral nang mga kondisyong medikal, mas mahalaga na sila ay mabakunahan. Hindi maaaring magbabakuna sa pamamagitan ng ilong ang mga bata kung sila ay:

- kasalukuyang wheezy (maingay sa paghinga) o naging wheezy sa nakalipas na 72 oras (dapat silang alukin ng isang angkop na iniiniksyong bakuna laban sa trangkaso upang maiwasan ang pagkaantala sa proteksyon)
- nangailangan ng masinsinang pangangalaga dahil sa
 - hika o
 - allergic anaphylaxis sa itlog(Ang mga bata sa dalawang pangkat na ito ay inirerekumenda na humingi ng payo ng kanilang espesyalista at maaaring kailangang isagawa ang bakuna sa pamamagitan ng ilong sa ospital)
- may isang kondisyon, o naggagamot, na malubhang nagpapahina ng kanilang immune system o mayroong isang tao sa kanilang sambahayan na nangangailangang ibukod dahil sila ay malubhang immunosuppressed
- may allergy sa anumang iba pang sangkap ng bakuna *

* Tingnan ang website sa www.medicines.org.uk/emc/product/3296/pil para sa isang listahan ng mga sangkap ng bakuna



Kung ang iyong anak ay nasa mataas na panganib mula sa trangkaso dahil sa isa o higit pang mga kondisyong medikal o paggamot at hindi kaya na mabigyan ng bakuna laban sa trangkaso sa ilong dapat silang bigyan ng iniiniksyong bakuna laban sa trangkaso.

Kung hindi ka sigurado kung dapat mabigyan ang iyong anak ng iniiniksyong bakuna o ng bakuna sa pamamagitan ng ilong, mangyaring tanungin ang team na nagbabakuna sa paaralan o ang nars o GP sa iyong surgery.

Ang mga bata na nabakunahan ng spray sa ilong ay dapat iwasan ang pakikipag-ugnay sa kasama sa bahay na may napakahinang immune system sa loob ng humigit-kumulang dalawang linggo matapos ang pagpapabakuna.

Maaari bang ibigay ang bakuna laban sa trangkaso sa aking anak kasabay ng ibang mga bakuna?

Oo. Ang bakuna laban sa trangkaso ay maaaring ibigay kasabay ng lahat ng ibang mga karaniwang pambatang bakuna. Maaaring ipagpaliban ang pagbabakuna kung may lagnat ang iyong anak. At, kung may masyadong barado o tumutulong ilong ang bata, maaaring pigilan nitong makapasok sa sistema nila ang bakuna. Sa kasong ito, ang pagbabakuna sa kanila laban sa trangkaso ay maaaring ipagpaliban hanggang bumuti ang kanilang sintomas sa ilong.



Ang bakuna sa pamamagitan ng ilong ay naglalaman ba ng gelatine na nagmula sa mga baboy (porcine gelatine)?

Oo. Ang bakuna sa ilong ay naglalaman ng labis na naprosesong anyo ng gelatine (porcine gelatine), na ginagamit sa saklaw ng maraming mahahalagang gamot. Tumutulong ang gelatine na panatilihin matatag ang mga virus sa bakuna upang makapagbibigay ang bakuna ng pinakamahusay na proteksyon laban sa trangkaso.

Ang bakuna sa pamamagitan ng ilong ay inaalok sa mga bata dahil ito ay mas epektibo sa programa kaysa sa iniiniksyong bakuna. Ito ay sapagkat mas madaling gamitin at itinuturing na mas mahusay sa pagbawas ng pagkalat ng trangkaso sa iba, na maaaring mas mahina sa mga kumplikasyon ng trangkaso.

Subalit, kung mataas ang panganib ng anak mo na magkatrangkaso dahil sa isa o higit pang medikal na kondisyon o paggamot at hindi maaari sa kanya ang bakuna sa pamamagitan ng ilong, dapat silang makakuha ng bakuna sa trangkaso sa pamamagitan ng iniksiyon.

Maaaring hindi tanggapin ng ilang tao ang paggamit ng porcine gelatine sa mga produktong medikal. Dapat mong talakayin sa iyong nars o doktor ang mga opsyon mo.

Saan ako makakakuha ng higit pang impormasyon?

Pumunta sa www.nhs.uk/child-flu para sa higit pang impormasyon. Makipag-usap sa iyong GP, practice nurse, nars ng paaralan ng iyong anak o ang iyong bisita sa kalusugan kung mayroon kang karagdagang mga katanungan.



www.nhs.uk/child-flu

© Crown copyright 2020
2902552C1 4.5M 1P JULY 2020 (APS)
First published June 2015